

Pangangalaga at Paggamit ng EpiPen

Ang mga EpiPen, o mga epinephrine auto-injector, ay compact at portable na mga device na mayroong mahalagang gamot na tinatawag na epinephrine. Ang mga device na ito ay may mahalagang tungkulin sa pamamahala ng matinding mga allergic reaction, na kilala bilang anaphylaxis.



Ang mga EpiPen, o mga epinephrine auto-injector, ay compact at portable na mga device na mayroong mahalagang gamot na tinatawag na epinephrine. Ang mga device na ito ay may mahalagang tungkulin sa pamamahala ng matinding mga allergic reaction, na kilala bilang anaphylaxis.

Ang anaphylaxis ay seryoso at posibleng nakamamatay na allergic reaction na nangangailangan ng agarang paggamot, kaya mahalagang gamit ang mga EpiPen para sa mga taong may batid na matitinding alerhiya.

Ang EpiPen ay mayroong epinephrine, gamot na makakatulong na bawasan ang allergic reaction ng katawan sa pamamagitan ng:

- Pagpapa-relax sa mga kalamnan sa daanan ng hangin para mas madaling makahinga.
- Tumutulog na baliktarin ang mabilis at mapanganib na pagbaba sa presyon ng dugo.
- Pagre-relax ng mga kalamnan sa tiyan, bituka at pantog.

Mga Posibleng Side Effect ng Epinephrine

Tulad ng lahat ng gamot, maaaring magdulot ng mga side effect ang EpiPen. Ang mga side effect ay posibleng kabilangan ng pamumutla, pagkahilo, kahinaan, panginginig, sakit ng ulo, pamimintig, pagkapagod, pagkabalisa, pagiging tensyonado at takot.

Paggamit ng EpiPen Auto Injector

I-iniksiyon ang EpiPen sa unang senyales o sintomas ng matinding allergic reaction sa isang alam o hinihinalang allergen. Ang matitinding allergic reaction ay hindi palaging malalaman kung kailan darating. Ang mga madaling makitang palatandaan ay hindi palaging nakikita bago magkaroon ng mga malubhang reaksyon, sundin ang payo ng doktor.

1. Hawakan ang EpiPen sa orange na dulo nang pababa (Nakatuero ang Orange sa Hita, ang Asul sa Langit).
2. Alisin ang asul na takip pangkaligtasan sa pamamagitan ng paghila pataas – huwag baluktutin o pilipitin.
3. Ilagay ang orange na dulo sa may gitna ng nasa labas na bahagi ng hita.
4. I-swing at itulak nang mahigpit ang auto-injector sa hita hanggang sa “mag-click” ito.
5. Hawakan nang nakapirmi sa loob ng tatlong segundo – dahan-dahang magbilang ng, “1, 2, 3”.
6. Tumawag sa 911 (kung hindi pa nagawa). Maaaring mawala ang mga epekto ng epinephrine, o maaaring magkaroon ng pangalawang



reaksyon. Ang paggamit ng EpiPen ay hindi pinapalitan ang pagpapatingin sa doktor o pagpunta sa ospital.

7. Ibigay ang anumang nagamit na mga EpiPen Auto-Injector sa mga emergency responder o mga tauhan sa emergency room para itapon ito.

*** Mga instruksyon sa barrel ng EpiPen Auto-Injector.

Pagtatapon

Ang mga EpiPen Auto-Injector ay dapat itapon nang tama para maiwasang makasakit ng iba.

- Kung gagamitin, ibigay ang EpiPen sa mga emergency responder o tauhan sa emergency room para itapon.
- Kung nag-expire na, kontakin ang iyong lokal na parmasya para tumulong sa pagtatapon ng EpiPen ayon sa mga regulasyon.

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Kung gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga EpiPen at ang paggamit ng mga ito sa lugar ng trabaho, ang RPM ay maraming kurso na makakatulong, kabilang ang:

- Pangunang Lunas na Pang-emergency at CPR (Emergency First Aid & CPR): Level C at AED
Ang kurso na pangunang lunas at cardiopulmonary resuscitation (CPR) ay nagbibigay ng mga kakayahan na kinakailangan para malaman at matugunan ang mga emergency sa puso at kapag nabilaukan para sa mga Nasa Hustong Gulang, Bata at mga Sanggol.
- Pag-uulat ng Insidente at Mga Imbestigasyon
Ang lugar ng trabaho ay dapat may proseso para iulat ang mga pinsala na may kaugnayan sa lugar ng trabaho, sakit at mapanganib na mga pangyayari. Kapag natanggap na ang mga ulat na ito, dapat mayroon ding proseso para matiyak na makompleto ang mga imbestigasyon para maiwasan itong muling mangyari.
- Kaligtasan para sa mga Supervisor
Ang layunin ng kursong ito ay tiyakin na bibigyan ang mga supervisor ng impormasyon, mga gamit at mapagkukunan para mahusay na maisagawa ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa kaligtasan at kalusugan.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca



RPM RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5